Payo sa Gamutan

- Ang pag-atake ng gout ay maaari pa ring mangyari habang umiinom ng allopurinol o probenecid. Para sa unang buwan ng pag-inom ng mga gamot na nagpapababa ng uric acid, ang iyong doktor ay maaaring magreseta ng mga gamot ng pang-alis ng sakit para makaiwas sa mga pag-atake.
- Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga
- Sa karaniwan ang masamang reaksyon ay sandal at banayad lamang. Kung ang mga side effect ay nagpapatuloy o lumala, ihinto ang gamutan at magpakonsulta sa iyong doktor.
- Kung nakalimutan mong uminom, inumin agad ito sa oras na iyong maalala. Gayumpaman, kung halos oras na rin ng iyong kasunod na iskedyul sa pag-inom, laktawan na ang nakalimutan dosis at inumin ang kasunod ayon sa instruksyon. Huwag magdoble ng dosis.
- Ipaalam sa iyong doktor kung ikaw ay nagdadalang-tao, nagpaplano na mabuntis o nagpapasuso ng gatas.
- Sabihin sa iyong doktor o pharmacist ang mga gamot na iyong iniinom, kasama na ang mga nireresetang gamot, over the counter na gamot at mga bitamina.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

Pangkalahatang Kaalaman sa

Gamot sa Gout

Drug Office
Department of Health

Gout

Ang gout ay isang porma ng pamamaga ng kasu-kasuan dahil sa sobrang uric acid sa katawan. May mga maliliit na kristal ng uric acid na nabubuo sa mga kasu-kasuan at nagdudulot ng biglaang pamamaga at sakit. Sa ilang malalang kaso, ang gout ay maaaring magdulot ng pagkasira ng kasu-kasuan.

Payo sa Pamumuhay

- Uminom ng hindi bababa sa 2 litro ng tubig araw-araw upang makatulong sa pag-alis ng uric acid sa iyong katawan.

- Umiwas sap ag-inom ng alkohol at limitahan ang pagkain ng mga pagkain na mayaman sa purine, halimbawa, mga lamang loob, shellfish at pagkain na mataas sa taba.

- Magkaroon ng malusog na timbang.

Mga Gamot sa Gout

Mga Nonsteroidal Anti-Inflammatory Drug (NSAIDs) (Indomethacin, Naproxen) **at Oral Corticosteroid** (Prednisolone)

Ito ay nag-aalis ng sakit at pamamaga sa pag-atake ng gout. Ang epekto na ito ay napapatindi kung ininom sa unang sintomas ng pag-atake ng gout. Ang karaniwang mga side effect ay pananakit ng sikmura, pagdudumi, pagsusuka, at sakit sa ulo.

Colchicine

Ito ay nag-aalis ng sakit at pamamaga sa gout. Ito ay mas mainam na inumin sa unang sintomas ng pag-atake ng gout. Kapag uminom ng colchicine, iwasan na kumain ng grapefruit o uminom ng grapefruit juice. Ang karaniwang mga side effect ay pananakit ng sikmura, pagdudumi, pagsusuka.

Kung magkaroon ng pagdudumi o pagsusuka, itigil ang gamutan.

Mga gamot na nagpapababa ng uric acid

(Allopurinol, Probenecid)

Pinapababa nito ang lebel ng uric acid sa katawan upang maiwasan ang pag-atake ng gout. Ang karaniwang mga side effect ay pagpapantal, pagdudumi, pagsusuka, at sakit sa ulo.

Sa ilang pambihirang pagkakataon, may seryosong reaksyon sa balat ang maaaring mangyari habang umiinom ng allopurinol. Kung nakakita ka ng namumula, namamaga, at nagpapaltos na balat, namumulang mata, o singaw sa bibig, lalamunan, o ilong, itigil ang paggamot at kaagad humingi ng medical na tulong.